Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII - CENTRAL VISAYAS
DIVISION OF CITY SCHOOLS - TAGBILARAN CITY

**Office of the Schools Division Superintendent**

November 13, 2025

**DIVISION MEMORANDUM**
NO: 826 s. 2025

**IKA-49 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLIHIYANG PILIPINO SA IKA-3 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA**

TO: Assistant Schools Division Superintendent
All Public Elementary and Secondary School Heads
All Others Concerned

1. This Office hereby disseminates communication from Kaw. Prop. Jay A. Yacat, MA, RPsy, Tagapangulo, Departamento ng Sikolohiya, UP Diliman regarding the Ika- 49 Pambansang Kumperensiya ssa Sikolohiyang Pilipino on November 27-29, 2025, the contents of which are self-explanatory.

2. Participation to the said conference is **voluntary** and payment will be charged against **personal funds**.

3 Please see attached Memorandum for more details.

4. For your information.

For the SDS:

**WILFREDA D. BONGALOS PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

**JOHN ARIEL A. LAGURA PhD**
Asst. Schools Division Superintendent

WDB/JAAL/SGOD/MCC/fct

Address: H. Zamora St., Dampas, Tagbilaran City, Bohol
Telephone Nos.: (038)427-1702; (038)427-2506; (038)422-8177
(038)427-6718; (038)544-2147
Email Address: tagbilarancity.division@deped.gov.ph

Outlook

**[Extended na Pagpapatala: 14 Nobyembre 2025] Ika-49 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino at Ika-3 Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa**

received SGOD: 11/12/25 @ 8:47 am

**From** psspaktibidad@googlegroups.com <psspaktibidad@googlegroups.com> on behalf of PSSP <pssponline@gmail.com>

**Date** Tue 11/11/2025 9:23 PM

**To** Secretariat PSSP <secretariat@pssp.org.ph>; UPD PsycServ <psycserv.upd@up.edu.ph>; Department of Psychology UP Diliman <psych.upd@up.edu.ph>

11-90
DEPED TAGBILARAN CITY DIVISION
SDS OFFICE
DOWNLOADED
BY ______ DATE 11/12/2025

2 attachments (893 KB)

Liham Paanyaya 2025.pdf; Tentatibong Programa.pdf;

Extended po ang pagpapatala para sa Ika-49 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino at Ika-3 Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa! Maaari pa po tayong magpatala hanggang Nobyembre 14, 2025 (Biyernes).

Tema: Sikolohiyang Malaya at Mapagpalaya, Lipunang Maginhawa at Mapagkalinga
27-29 Nobyembre 2025
UP Diliman, Quezon City (Face-to-face)

Registration Form: bit.ly/PKSP49Ginhawa3Pagpapatala
CPD units: Registered Psychometrician/Psychologist (12); Registered Social Worker (14.50)

*****

Isang mainit na pagbati!

Taon-taon, nagtataguyod ng Pambansang Kumperensiya ang **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)**, isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Kasama ang **UPD PsycServ** at **UP Diliman Departamento ng Sikolohiya**, inaanyayahan namin ang lahat ng mga iskolar, mag-aaral, at tagapagtaguyod ng Sikolohiyang Pilipino mula sa Sikolohiya at mga kaalyadong disiplina sa pinagsamang Ika-49 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino at Ikatlong Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa. Natatangi ang magiging Pambansang Kumperensiya ngayong taon dahil sa tatlong dahilan: una, ito ang ikatlong pagkakataon kung kailan isasagawa ang pinagsamang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino at Ika-3 Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa; ikalawa, matapos ang limang taon ay muling idaraos ang pisikal na kumperensiya; at ikatlo, ipinagdiriwang ngayong taon ang ikalimampung anibersaryo ng pagkakatatag sa Sikolohiyang Pilipino bilang isang siyentipikong disiplina at makataong protesta.

Layunin ng kumperensiya ang sumusunod: 1. Masuri at mabalangkas ang mga tagumpay at hamon ng SP bilang isang kritikal na disiplina na nagtataguyod ng isang Sikolohiyang Malaya at Mapagpalaya; 2. Masuri at mabalangkas ang ambag ng SP sa pagtataguyod ng isang lipunang maginhawa at mapagkalinga; at 3. Magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa ikauunlad ng Sikolohiyang Pilipino bilang malaya at mapagpalayang sikolohiya at sa pagtataguyod ng isang lipunang maginhawa at mapagkalinga.

Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- **Php 3,500** — Mga tagapaglahad ng papel, kasaping panghabambuhay, kasaping propesyonal para sa taong 2025, at mag-aaral (gradwado at di-gradwado; kung kasalukuyang mag-aaral, kailangang mag-upload ng proof of enrolment at kopya ng current student ID kasama ng proof of payment)
- **Php 4,500** — Di-Kasapi ng PSSP (May kasamang membership sa PSSP sa taong 2026; Kailangang sagutan ang Online Membership Form: bit.ly/psspmembershipform)
- **Php 3,800** — Di-Gradwadong Mag-aaral na may kasamang membership fee sa taong 2026
- **Php 4,500** — Tagapaglahad ng Papel/Kasaping Propesyonal sa Taong 2025/Gradwadong Mag-aaral na may kasamang membership sa taong 2026
- **Php 5,500** — Di-Kasapi sa taong 2025

Maaaring magpadala ng inyong bayad sa aming China Banking Corporation o China Bank **(ibang bangko ang China Bank Savings)** *account* gamit ang inyong *mobile banking app* (sa pamamagitan ng InstaPay), mobile wallet (GCash, Maya, GrabPay, DiskarTech, atbp), o sa kahit saang sangay ng China Banking Corporation/China Bank. Narito ang detalye ng aming *account*:

Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc.**
Alternatibong Account Name para sa Online Fund Transfer Lamang: **NASPI**
Account Number: **114202018446 (Savings Account)**
Branch: **China Banking Corporation Corinthian Hills, Quezon City**

Maaaring gamitin ang **"GCash Bank Transfer"** sa pagbabayad ng inyong conference fee papunta sa aming **China Banking Corporation o China Bank** account. Pindutin lang ang **Send**, piliin ang **Transfer** sa ilalim ng **Send Money through Our Partners**, at hanapin ang **China Banking Corporation** o **China Bank** (muli, HINDI China Bank Savings, Inc.).

Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat. Ang bayad ay NON-REFUNDABLE ngunit TRANSFERABLE.

Lahat ng kalahok ay dapat magpatala sa *online registration form*: **bit.ly/PKSP49Ginhawa3Pagpapatala**. Magiging opisyal lamang ang rehistrayon kapag natanggap na namin ang bayad at naisumite sa *online form* ang katunayan ng bayad. Ang huling araw ng rehistrasyon ay sa ~~**10 Nobyembre 2025**~~ **14 Nobyembre 2025** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon kapag napuno na ang **300 slots**.

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**Kaw. Prop. Jay A. Yacat, MA, RPsy**
Tagapangulo, Departamento ng Sikolohiya
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Conference Convenor

**Kat. Prop. Jholyan Francis S. Fornillos, MA, RPsy**
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños
Pangulo, PSSP

**Prop. Divine Love A. Salvador, PhD, RPsy**
Direktor, UPD PsycServ
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Conference Convenor

**Prop. Emeritus Violeta V. Bautista, PhD, RPsy**
Tagapagtatag na Direktor, UPD PsycServ
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Conference Convenor



--
**Tungo sa isang malaya at mapagpalayang sikolohiya.**

**Secretariat**
**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
***(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)***
PRC CPD Accreditation Number: **2018-029**
Adres ng Opisina: **4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon**
Araw at Oras ng Opisina: **Lunes - Biyernes; 10:00 n.u. - 7:00 n.g.**
Telephone: **(02) 8361-9260** | Mobile: **(0922) 875-1440**
E-mail: **pssponline@gmail.com** / **secretariat@pssp.org.ph**
Website: **http://www.pssp.org.ph/**
Diwa E-Journal: **https://www.pssp.org.ph/diwa**
Facebook/Instagram/Twitter/YouTube: **pssponline**
Online Membership Form: **http://bit.ly/psspmembershipform**
Listahan ng mga Kasapi: **http://www.pssp.org.ph/pamunuan-at-kasapian/mga-kasapi/**

**[Bagong Libro]** **Ang Ginhawa Bilang Hangaran at Balangkas**
Violeta V. Bautista, PhD, RPsy at Divine Love A. Salvador, PhD, RPsy (Mga Patnugot)

--
You received this message because you are subscribed to the Google Groups "PSSP Aktibidad" group.
To unsubscribe from this group and stop receiving emails from it, send an email to psspaktibidad+unsubscribe@googlegroups.com.
To view this discussion visit https://groups.google.com/d/msgid/psspaktibidad/CANEJ4u3bJ7DY8vo%2B2qWMKQzgwTnwDW57F6_jGwJR%3D076%2BGBbVg%40mail.gmail.com.
For more options, visit https://groups.google.com/d/optout.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 | E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph
pssponline

**LUPON NG MGA KADIWA**
***(BOARD OF TRUSTEES)***
**2024-2025**

*Pangulo*
**Jholyan Francis S. Fornillos**
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

*Pangalawang Pangulo*
**Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Kalihim*
**Glenmark B. Villanueva**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ingat-Yaman*
**Darwin C. Rungduin**
Pamantasang Normal ng Pilipinas

*Mga Kasapi*

**Maryanne A. Abog**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman/
Komisyon sa Karapatang Pantao

**Miriam Aquino-Malabanan**
Lyceum of the Philippines University-Batangas

**Francis Simonh M. Bries**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Carl O. Dellomos**
Pamantasang Normal ng Pilipinas

**Noahlyn C. Maranan**
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

**Eda Lou I. Ochangco**
Far Eastern University

**Alicia Q. Tablizo**
Our Lady of Fatima University-Antipolo

**Jay A. Yacat**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Aira Mae Mortel**
Pangulo, TATSULOK

*Sekretaryat*
**Kenneth Carlo L. Rives**

*Pangulong Tagapagtatag*
**Virgilio G. Enriquez (+)**
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

Ika-29 ng Oktubre 2025

__________________________
__________________________
__________________________

Mahal na ____________________:

Isang mainit na pagbati!

Taon-taon, nagtataguyod ng Pambansang Kumperensiya ang **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)**, isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 na may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang interdisiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Kasama ang **UPD PsycServ** at **UP Diliman Departamento ng Sikolohiya**, inaanyayahan namin ang lahat ng mga iskolar, mag-aaral, at tagapagtaguyod ng Sikolohiyang Pilipino mula sa Sikolohiya at mga kaalyadong disiplina sa pinagsamang **Ika-49 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino at Ikatlong Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa: Sikolohiyang Malaya at Mapagpalaya, Lipunang Maginhawa at Mapagkalinga***. Natatangi ang magiging Pambansang Kumperensiya ngayong taon dahil sa tatlong dahilan: una, ito ang ikatlong pagkakataon kung kailan isasagawa ang pinagsamang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino at Ika-3 Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa; ikalawa, matapos ang limang taon ay muling idaraos ang pisikal na kumperensiya; at ikatlo, ipinagdiriwang ngayong taon ang ikalimampung anibersaryo ng pagkakatatag sa Sikolohiyang Pilipino bilang isang siyentipikong disiplina at makataong protesta.

Layunin ng kumperensiya ang sumusunod: 1. Masuri at mabalangkas ang mga tagumpay at hamon ng SP bilang isang kritikal na disiplina na nagtataguyod ng isang Sikolohiyang Malaya at Mapagpalaya; 2. Masuri at mabalangkas ang ambag ng SP sa pagtataguyod ng isang lipunang maginhawa at mapagkalinga; at 3. Magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa ikauunlad ng Sikolohiyang Pilipino bilang malaya at mapagpalayang sikolohiya at sa pagtataguyod ng isang lipunang maginhawa at mapagkalinga.

Ang bayad sa pagdalo ay ang sumusunod:

- **Php 3,500** — Mga tagapaglahad ng papel, kasaping panghabambuhay, kasaping propesyonal para sa taong 2025, at mag-aaral (gradwado at di-gradwado; kung kasalukuyang mag-aaral, kailangang mag-upload ng proof of enrolment at kopya ng current student ID kasama ng proof of payment)
- **Php 4,500** — Di-Kasapi ng PSSP

**CPD Units: RPsy/RPm (12), RSW (14.50)*

(May kasamang membership sa PSSP sa taong 2026; Kailangang sagutan ang Online Membership Form: bit.ly/psspmembershipform)

- **Php 3,800** — Di-Gradwadong Mag-aaral na may kasamang membership fee sa taong 2026
- **Php 4,500** — Tagapaglahad ng Papel/Kasaping Propesyonal sa Taong 2025/Gradwadong Mag-aaral na may kasamang membership sa taong 2026
- **Php 5,500** — Di-Kasapi sa taong 2025

Maaaring magpadala ng inyong bayad sa aming China Banking Corporation o China Bank **(ibang bangko ang China Bank Savings)** *account* gamit ang inyong *mobile banking app* (sa pamamagitan ng InstaPay), mobile wallet (GCash, Maya, GrabPay, DiskarTech, atbp), o sa kahit saang sangay ng China Banking Corporation/China Bank. Narito ang detalye ng aming *account*:

Account Name: **National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc.**
Alternatibong Account Name para sa Online Fund Transfer Lamang: **NASPI**
Account Number: **114202018446 (Savings Account)**
Branch: **China Banking Corporation Corinthian Hills, Quezon City**

Maaaring gamitin ang "**GCash Bank Transfer**" sa pagbabayad ng inyong conference fee papunta sa aming **China Banking Corporation o China Bank** account. Pindutin lang ang **Send**, piliin ang **Transfer** sa ilalim ng **Send Money through Our Partners**, at hanapin ang **China Banking Corporation** o **China Bank** (muli, HINDI China Bank Savings, Inc.).

Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat. Ang bayad ay NON-REFUNDABLE ngunit TRANSFERABLE.

Lahat ng kalahok ay dapat magpatala sa *online registration form*: bit.ly/PKSP49Ginhawa3Pagpapatala. Magiging opisyal lamang ang rehistrayon kapag natanggap na namin ang bayad at naisumite sa *online form* ang katunayan ng bayad. Ang huling araw ng rehistrasyon ay sa **10 Nobyembre 2025** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon kapag napuno na ang **300 slots.**

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**Kaw. Prop. Jay A. Yacat, MA, RPsy**
Tagapangulo, Departamento ng Sikolohiya
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Conference Convenor

**Prop. Divine Love A. Salvador, PhD, RPsy**
Direktor, UPD PsycServ
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Conference Convenor

**Kat. Prop. Jholyan Francis S. Fornillos, MA, RPsy**
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños
Pangulo, PSSP

**Prop. Emeritus Violeta V. Bautista, PhD, RPsy**
Tagapagtatag na Direktor, UPD PsycServ
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Conference Convenor

*/kclr09*

**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

# TENTATIBONG PROGRAMA
# IKA-49 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO AT IKA-3 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA: SIKOLOHIYANG MALAYA AT MAPAGPALAYA, LIPUNANG MAGINHAWA AT MAPAGKALINGA
## 27-29 Nobyembre 2025

| 27 Nobyembre 2024 (Huwebes) | |
|---|---|
| 8:00 – 8:45 n.u. | PAGBUBUKAS NG IKA-49 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO<br>• Ritwal ng Pagbubukas<br>• Pambungad na Pananalita (Jholyan Francis S. Fornillos)<br>• Pagpapaliwanag ng Layunin ng Kumperensiya (Jay A. Yacat)<br>• Pagpapakilala sa mga Kahalok (Glenmark B. Villanueva) |
| 8:45 – 10:00 n.u. | Unang Plenaryong Sesyon: Pangunahing Pananalita<br><br>**Ginhawa ng Sikolohiyang Pilipino: Limampung Taong Paglalakbay**<br>Rogelia E. Pe-Pua, PhD<br>*Honorary Associate Professor, School of Social Sciences*<br>*University of South Wales* |
| 10:00 - 10:30 n.u. | AM BREAK |
| 10:30 n.u. - 12:00 n.t. | Unang Roundtable Discussion:<br><br>**Ang Sikolohiyang Pilipino sa Nagdaang Panahon**<br>Grace Aguiling-Dalisay, PhD, RPsy, *Center for Educational Measurement*<br>Assoc. Prof. Jay A. Yacat, MA, RPsy, *Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>Prof. Jose Antonio R. Clemente, PhD, *Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>Asst. Prof. Jholyan S. Fornillos, MA, RPsy, *Unibersidad ng Pilipinas Los Baños; Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino* |
| 12:00 n.t. - 1:00 n.h. | LUNCH BREAK |
| 1:00 - 2:30 n.h. | Ikalawang Roundtable Discussion:<br><br>**Ang Sikolohiyang Pilipino sa mga Rehiyon sa Pilipinas**<br>Asst. Prof. Augil Robles, MA, RPm, *Unibersidad ng Pilipinas Visayas*<br>Asst. Prof. Hadji Balajadia, MSc, *Pamantasang Ateneo de Davao*<br>Clemuel B. Cruz, RPm, *Bulacan State University*<br>Assoc. Prof. Rozel Balmores-Paulino, PhD, *Unibersidad ng Pilipinas Baguio* |

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

| | |
|---|---|
| 2:30 - 3:00 n.h. | PM BREAK |
| 3:00 - 3:30 n.h. | Pulong ng Kasapian |
| 3:30 - 4:00 n.h. | PAGSASARA NG UNANG ARAW<br>• Mga anunsyo at paalala<br>• Pasasalamat at pagsasara ng unang araw<br>• Ritwal pangwakas (Kontra-GaPi) |

| **28 Nobyembre 2024 (Biyernes)** | |
|---|---|
| 9:00 – 9:30 n.u. | PAGBUBUKAS NG IKA-3 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA<br>• Ritwal ng Pagbubukas<br>• Pagpapakilala sa Tagapagsalita (Jay A. Yacat) |
| 9:00 – 10:00 n.u. | Ikalawang Plenaryong Sesyon: Pangunahing Pananalita<br><br>**Ginhawa, Kalayaan, at Kalinga: Mga Pahalagang Gumagabay sa Isang Kontemporaryong SP**<br>Elizabeth P. De Castro, PhD, RPsy<br>Propesor (Retirado), Unibersidad ng Pilipinas Diliman |
| 10:00 – 10:30 n.u. | AM BREAK |
| 10:30 n.u. - 12:00 n.t. | Ikatlong Plenaryong Sesyon<br><br>**Tungo sa Isang SP na Nakatuon sa Paglikha ng mga Komunidad na Malaya, Maginhawa, at Mapagkalinga**<br>Prof. Divine Love A. Salvador, PhD, RPsy, *Unibersidad ng Pilipinas Diliman, UPD Psychosocial Services*<br>Assoc. Prof. Annabel Manzanilla-Manalo, PhD, RPsy, *Asian Theological Seminary*<br>Prof. Emeritus Lisa Grace S. Bersales, PhD, *Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>Prof. Emeritus Lorenzo Bautista, *Asian Theological Seminary* |
| 12:00 n.t. - 1:00 n.h. | LUNCH BREAK |
| 1:00 - 2:30 n.h. | Ika-apat na Roundtable Discussion:<br><br>**Ang Hamon ng Dekolonisasyon para sa mga "Allied Mental Health Professions"**<br>Prof. Emeritus Michael L. Tan, PhD, *Guang Ming College*<br>Prof. Emeritus Violeta V. Bautista, PhD, RPsy, RGC, *Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>Dr. Chris John Bedoria, PhD, RPsy, RGC, *Unibersidad ng Pilipinas Diliman*<br>Dr. Maria Madeline Mallillin, MD, *Asian Hospital and Medical Center, St. Luke's Medical Center, Healthway Cancer Care Hospital* |
| 2:30 - 3:00 n.h. | PM BREAK |
| 3:00 - 4:00 n.h. | Ginhawa Get Together (Networking) |

| | |
|---|---|
| 4:00 - 4:30 n.h. | PAGSASARA NG IKALAWANG ARAW<br>• Mga anunsyo at paalala<br>• Pasasalamat at pagsasara ng ikalawang araw (Dr. Divine Love A. Salvador)<br>• Ritwal pangwakas (Kontra-GaPi) |

| 29 Nobyembre 2024 (Sabado) | |
|---|---|
| 8:30 - 10:00 n.u. | Learning Session 1<br><br>**Tara na, sama-sama: Pagkakaisa sa kabila ng Pagkakaiba**<br>Gieselle Bayhon-Principe, PhD, RPsy, John Robert Rilveria, PhD, RPsy, at April Lansangan, MA, RPsy<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ* |
| 10:00 - 10:30 n.u. | AM BREAK |
| 10:30 n.u. - 12:00 n.t. | Learning Session 2<br><br>**Friends with my Feelings: TalaKasanayan sa Pagkilala at Pagkalinga sa Sariling Damdamin tungo sa Ginhawa**<br>Cheng Cheng Sandy Ang, PhD, RPsy at Agnes R. Agbayani, MA, RPsy<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ* |
| 12:00 n.t. - 1:00 n.h. | LUNCH BREAK |
| 1:00 - 2:30 n.h. | Learning Session 3<br><br>**Di Pa Ba Sapat? Ang Pagkilala sa Tanikala ng Perfectionism Tungo sa Pagkalas Dito**<br>Jeryl Shawn T. Tan, MA, RPsy at Krista Camille M. Serrano, MA, RPsy<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ* |
| 2:30 - 3:00 n.h. | PM BREAK |
| 3:00 - 4:30 n.h. | Learning Session 4<br><br>**Makulay ang Buhay: Gabay sa Pagkalingang Queer Affirmative**<br>Claudine Faye M. Tecson, MA, RPsy<br>*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ* |
| 4:30 - 5:00 n.h. | PAGSASARA NG KUMPERENSIYA<br>• Mga anunsyo at paalala<br>• Pasasalamat at pagsasara ng kumperensiya<br>• Ritwal pangwakas (Kontra-GaPi) |

**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

## MGA KEYNOTE NA PANANALITA

### Ginhawa ng Sikolohiyang Pilipino: Limampung Taong Paglalakbay

***Rogelia E. Pe-Pua, PhD***
*Honorary Associate Professor, School of Social Sciences*
*University of South Wales*

Limang dekada na ang lumipas simula nang isinapormalisa ni Dr. Virgilio G. Enriquez ang Sikolohiyang Pilipino (SP) bilang siyentipikong disiplina at kilusang sumasalamin sa katutubong karanasan, kaisipan, at oryentasyon ng mga Pilipino. Bata pa kung maituturing, ngunit marami nang napagtagumpayan ang SP lalo na sa pagsusulong ng mas makabuluhang pag-aaral sa sikolohiya ng mga Pilipino. Mapapatotohanan ito ng mga taong naging saksi mula sa pagkakapunla ng kaisipang maka-SP hanggang sa kasalukuyang kalagayan nito. Sa sesyong ito, ibabahagi ng tagapagsalita ang kaniyang personal na paglalakbay bilang isa sa mga pinakaunang mag-aaral at iskolar ng SP. Ilalahad niya ang kuwento ng disiplina at kilusan tungo sa tunguhin nitong maging malaya, mapagpalaya, at mapagpabagong-isip, at kung paanong ang mga napaganumpayan nito ay bunga ng sama-samang pagkilos at pakikiisa ng iba't ibang iskolar-sikolohista. Tutukuyin din sa sesyon ang mga direksyon ng SP sa hinaharap, lalo na sa gitna ng mga malalaking pwersang maaaring makaimpluwensiya sa patuloy na pag-unlad ng SP.

*Tungkol sa Tagapagsalita*

Si Dr. Rogelia Pe-Pua ay Honorary Associate Professor sa School of Social Sciences, Faculty of Arts and Social Sciences, University of South Wales. Pinamunuan niya ang paaralan mula 2007 hanggang 2012. Bago ito, pinamunuan niya rin ang School of Social Science and Policy noong 2005 hanggang 2006. Ang mga interes sa pananaliksik ni Rogelia ay may kinalaman sa katutubong sikolohiya, racism sa Australia, multicultural attitudes sa mga plural society, migration policy issues, kross-kultural na sikolohiya, mga isyung sosyal at pangkomunidad, at mga isyung pangkabataan. Nakapagsagawa na siya ng mga pag-aaral sa migration at return migration sa Hawaii at Pilipinas, labor migration sa Espanya at Italya, karakter ng mga Australian ethnic press, karanasan ng mga international student, street-frequencing ethnic youth, refugee family settlment, mga imigrante mula sa Hong Kong sa Australia, legal needs ng mga NESBS, at pagtatasa ng Juvenile Crime Prevention Strategy. Mayroon siyang karanasan sa pakikipagtrabaho sa mga mananaliksik mula sa iba't ibang panig ng mundo sa mga pag-aaral na may kinalaman sa ethnocultural youth identity at acculturation sa 13 bansa, at culture and trait links sa apat na bansa. Nakakumpleto na rin siya ng dalawang proyektong pinondohan ng Australian Government Department of Immigration and Citizenship: (a) mga pangangailangan ng mga Austrlian Muslim family at (b) social cohesion, social division, at conflict sa multicultural Australia. Matagal nang bahagi ng katutubong sikolohiya si Rogelia, na nagsimula sa

Unibersidad ng Pilipinas kung saan siya nagturo nang halos labinlimang taon bago lumipat sa Australia. Marami siyang mga nailathalang akda Tungkol dito, kabilang na ang kauna-unahang edited bolyum ng Sikolohiyang Pilipino, mga book chapter, at journal article Tungkol sa mga katutubong metodo.

**Ginhawa, Kalayaan, at Kalinga: Mga Pahalagang Gumagabay sa Isang Kontemporaryong SP**
***Elizabeth P. De Castro, PhD, RPsy***
Propesor (Retirado), Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Tungkol sa Tagapagsalita*

Si Dr. Elizabeth P. De Castro ay retiradong propesor mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, kung saan naging aktibo siya sa pagtuturo at pagsasaliksik sa iba't ibang isyu gaya ng karapatang pambata at pangangalaga sa kalikasan. Sa kasalukuyan, siya ang direktor ng Psychosocial Support and Children's Rights Resource Center (PSTCRRC), isang NGO na nagsasagawa ng pagsasanay, pananaliksik, at paglalathala sa iba't ibang isyung may kinalaman sa proteksyon ng mga bata. Siya rin ay consultant sa UNICEF at iba pang international non-government organizations sa iba't ibang proyekto sa mga bata, kalusugang pangkaisipan, at psychosocial support sa panahon ng sakuna.

**MGA ROUNDTABLE DISCUSSION**

**Ang Sikolohiyang Pilipino sa Nagdaang Panahon**

Limang dekada mula ng pormal na itinatag ang Sikolohiyang Pilipino (SP) bilang isang siyentipikong disiplina at kilusang nagsusulong ng sikolohiyang malaya, mapagpalaya, at mapagpabagong-isip, anu-ano na ang mga nakamit sa mga orihinal na layunin nito? Anu-ano na ang mga nangyaring pagbabago at pag-unlad sa mga nagdaang panahon? Sa palihan na ito ay tatalakayin ng 4 na tagapagsalita mula sa iba't ibang henerasyon ng mga nagsusulong ng Sikolohiyang Pilipino, na mga dati at kasalukuyang presidente rin ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), ang mga naging pag-unlad sa SP sa larang ng pananaliksik at pagdadalumat; mga kontribusyon ng SP sa praktis, ektensiyon, at serbisyo publiko; at mga pagpupunyagi sa institusyonalisasyon ng disiplina at sa pagpapatatag ng mga samahan at network ng aktibong nagpapalaganap ng mga adhikain ng SP. Tatalakayin din ang mga isyu at hamong kinakaharap ng disiplina/kilusan at ang mga rekumendasyon sa pagtugon sa mga ito. Panghuli, tatalakayin ang mga mungkahing direksiyon sa SP upang maipagpatuloy ng mga tagapagsulong nito ang mga gawain tungo sa pagkakamit ng isang maginhawa at mapagkalingang lipunang Pilipino.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

*Tungkol sa mga Panelist*

***Grace Aguiling-Dalisay, PhD, RPsy***
Center for Educational Measurement

Si Dr. Grace Aguiling-Dalisay ay guro, lider sa boluntirismo, at isang lisensyadong sikolohista. Nagsilbi siyang pangulo ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino at Executive Secretary ng Psychological Association of the Philippines. Ang kaniyang natatanging kakayahan sa pamumuno ang siyang dahilan kung bakit siya nahirang sa mga senior executive roles sa iba't ibang Higher Educational Institution. Kabilang na rito ang pagiging Chair ng Tri-College PhD Philippine Studies Executive Council, Chair ng Department of Psychology, College of Social Sciences and Philosophy, at Dekano ng College of Social Sciences and Philosophy sa UP Diliman. Nagsilbi rin siyang Vice President for Academic Affairs ng Miriam College, Pangulo ng Republican College, at Board Member ng Philippine Association of Private Schools, Colleges, and Universities (PAPSCU). Isa siyang Adjunt Professor sa Faculty of Education, UP Open University at isang retiradong propesor ng Developmental Psychology sa UP Diliman, na may espesyalisasyon sa katutubong sikolohiya at pag-unlad ng pagboboluntir at civic engagement. Bilang academician sa loob ng apat na dekada, kilala siya sa kaniyang mga kontribusyon sa curriculum development sa mataas na antas, life-span development, research at training sa social science, at sa research ethics. Bilang System Director ng Ugnayan ng Pahinungod/Oblation Corps, ang volunteer service program ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, pinangunahan niya ang mga pambansang programa Tungkol sa basic education, psychosocial services, at community-institutional partnerships. Humawak din siya ng mga posisyon sa iba't ibang international at national volunteering organizations at nagsilbing eskperto sa 2015 at 2022 State of the World's Volunteerism Report ng United Nations Volunteers. Si Dr. Aguiling-Dalisay ang kasalukuyang Pangulo ng Center for Educational Measurement, Inc.

***Assoc. Prof. Jay A. Yacat, MA, RPsy***
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Kasalukuyang Kawaksing Propesor si Jay A. Yacat sa Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman at isang Rehistradong Sikolohista.

Naging Pangulo siya ng Pambasang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) at kasalukuyang miyembro ng Lupon ng mga Kadiwa nito. Marami sa kaniyang publikasyon ay may kinalaman sa Sikolohiyang Pilipino at katutubong sikolohiya. Ang iba pa niyang mga interes sa pananaliksik ay may kinalaman sa pambansang identidad, pagpahalagang Pilipino, paglahok sa lipunan, volunteering, at iba pang usaping kaugnay ng karapatang pantao, partikular na ang karapatan ng mga bata.

May halos 25 taon na ang kaniyang karanasan sa pagpupunyagi sa larangan ng karapatang pambata sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pananaliksik sa mga usapin tulad ng pang-aabuso, pakikilahok, proteksyon, pamamalo at pagpaparusa, bullying at iba pa. Tinutulungan din niya ang mga organisasyon na idokumento at tasahin ang impact ng kani-kanilang mga programa at intervention. Aktibo rin siya sa larangan ng training at advocacy. Tinutulungan niya ang mga lokal at internasyunal na mga organisasyon na isakunteksto ang kanilang mga programa at gawain sa mga bata at kabataan sa konteksto ng kulturang Pilipino.

***Prof. Jose Antonio R. Clemente, PhD***
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Si Prof. Jose Antonio R. Clemente, Ph.D. ay isang iskolar at guro na dalubhasa sa Sikolohiyang Pilipino at Sikolohiyang Panlipunan. Nakapagtapos siya ng Ph.D. sa Sikolohiya mula sa University of Macau, Macau SAR China, at parehong M.A. at B.A. sa Sikolohiya mula sa University of the Philippines – Diliman.

Nagtuturo si Dr. Clemente ng mga kursong pang-undergraduate at panggradwado gaya ng Experimental Psychology, Applied Social Psychology, Attitudes and Attitude Change, Filipino Personality, at Introduction to Psychological Research Methods. Kabilang sa kaniyang malawak na interes sa pananaliksik ang mga kultural at katutubong konsepto kaugnay ng sikolohiya, sikolohiyang LGBT, pananaliksik at adbokasiya sa kahirapan, sarili at pagkakakilanlan, stigma at ang mga epekto nito, panlipunang hindi pagkakapantay-pantay, ugnayang interpersonal, pagpapahalaga, uring panlipunan, at ang isyu ng living wage. Tinututukan din niya ang papel ng tradisyonal at bagong midya sa edukasyon at sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay.

Bilang pagkilala sa kaniyang ambag sa larangan, ginawaran si Dr. Clemente ng Park Jung-Heun Young Scholar Award mula sa Asian Association of Social Psychology noong 2015. Sa pamamagitan ng kaniyang pananaliksik, pagtuturo, at adbokasiya, patuloy niyang isinusulong ang sikolohiyang may malalim na kabuluhan sa lipunan at nakaugat sa kulturang Pilipino at sa aktuwal na karanasan ng mga mamamayan.

***Asst. Prof. Jholyan S. Fornillos, MA, RPsy***
Unibersidad ng Pilipinas Los Baños; Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino

Si G. Jholyan Francis S. Fornillos ay isang Assistant Professor at ang Tagapangulo ng Research Ethics Committee g Department of Social Sciences ng Unibersidad ng Pilipinas - Los Baños. Nakapagtapos siya ng BA (Social Sciences) Psychology mula sa UP Tacloban at ng MA in Psychology sa UP Diliman.

**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

Bilang isang lisensiyadong sikolohista, higit niyang pinagtibay ang kaniyang kakayahan sa pagbibigay ng mental health at psychosocial support.

Dahil sa kaniyang malawak na karanasan sa pagtugon sa pangangailangan sa kalusukang pangkaisipan, lalo sa mga sitwasyon ng sakuna, si G. Jholyan ay nangunguna sa inisyatiba sa crisis intervention. Bilang isa sa mga sinanay na psychosocial responder ng Psychological Association of the Philippines (PAP) matapos ang Bagyong Yolanda, ginampanan niya ang isang mahalagang papel sa pagbibigay ng psychosocial aid sa mga naapektuhang komunidad. Kabilang din sa kaniyang gawain ang pagtulong sa *Katatagan*, isang resilience program na binuo para sa mga Pilipinong nakaligtas sa sakuna.

Saklaw ng kaniyang mga interes sa pananaliksik ang human development, geriatric psychology, disaster mental health, resilience, at well-being. Siya ay may mga nailathala at nakasulat na artikulo sa journal tungkol sa mga paksa gaya ng sexual behaviors ng mga nakatatanda, emergent behaviors sa mga sitwasyong pang-emergency, life stories ng mga matatandang may diabetes, at post-traumatic growth ng mga Pilipinong nakaranas ng krisis.

Bilang kasalukuyang pangulo ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), patuloy na itinataguyod ni G. Jholyan ang pagsusulong ng Sikolohiyang Pilipino sa pamamagitan ng pananaliksik, praktika, at adbokasiya.

**Ang Sikolohiyang Pilipino sa mga Rehiyon sa Pilipinas**

Isa sa mga pangunahing kritisismo sa Sikolohiyang Pilipino ang sinasabing pagka-*Tagalog-centric* nito— mula sa obserbasyong karamihan sa mga naunang pag-aaral sa disiplina ay isinagawa sa Kamaynilaan at sa mga karatig na lalawigan. Layunin ng sesyong ito na tasahin ang estado ng disiplina at ng kilusan tungo sa pagsasakatubo ng Sikolohiya batay sa pag-unlad nito sa iba't ibang rehiyon sa bansa. Kasama ang apat na tagapagsalitang iskolar-sikolohista mula sa Hilagang Luzon, Gitnang Luzon, Visayas, at Mindanao, tatalakayin sa sesyon ang mga sumusunod: (a) ang kalagayan ng pagtanggap, pakikilahok, at pagpapaunlad sa SP at sa pagsasakatutubo sa iba't ibang rehiyon, (b) ang mga inisyatibang ginagawa ng mga institusyon sa pagpapaunlad ng mga ito, (c) ang mga lumilitaw na hamon at tensyon sa pagtataguyod ng sikolohiyang lapat sa karanasan ng mga lokal, at (d) mga paunang pagbalangkas sa pagbuo ng mas malawak at inklusibong disiplina. Sa pamamagitan ng sesyong ito, inaasahan na maipapakita ang patuloy na paglago at pag-unlad ng SP bilang disiplina at kilusang may pagkilala sa mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga karanasang Pilipino.

**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

*Tungkol sa mga Panelist*

***Asst. Prof. Augil Robles, MA, RPm***
Unibersidad ng Pilipinas Visayas

Si Prof. Augil Marie Q. Robles, RPm, MA ay isang tenured faculty member ng Psychology cluster sa Division of Social Sciences, College of Arts and Sciences, University of the Philippines Visayas, kung saan siya rin ang Tagapangulo ng CAS Student Support Committee. Siya ay isang Assistant Professor na nakatuon ang pagtuturo at pananaliksik sa larangan ng Sikolohiyang Panlipunan.

Nagtapos si Prof. Robles ng Bachelor sa Psychology sa University of the Philippines Visayas at ng Master sa Social Psychology sa Ateneo de Manila University. Ang kaniyang mga gawaing akademiko ay gumagamit ng lente ng sikolohiyang panlipunan upang suriin kung paano binubuo ng mga tao ang kanilang pag-unawa, diskurso, at mga aktuwal na karanasan hinggil sa kalusugan. Sa kasalukuyan, nakatuon ang kaniyang pananaliksik sa social support at iba pang anyo ng culturally responsive care para sa mga indibidwal na may iba't ibang uri ng health vulnerabilities.

***Asst. Prof. Hadji Balajadia, MSc***
Pamantasang Ateneo de Davao

Si Asst. Prof. Hadji Balajadia, MSc ay isang full-time na guro na nakatalaga sa Psychology Department at Sociology Department ng Ateneo de Davao University, kung saan siya ay nagtuturo ng Sociological Social Psychology. Nakapagtapos siya ng Master of Science in Psychology mula sa Pamantasang Ateneo de Davao. Nakatuon ang kaniyang pananaliksik, adbokasiya, at gawaing panlipunan sa mahahalagang usapin gaya ng karahasang estadong ipinapataw, kapayapaan at seguridad, panlipunang pagsasama, karapatan ng LGBTQ+, reporma sa sistemang pangkalusugan, at pamumuno. Sa pamamagitan ng kaniyang pagtuturo, pananaliksik, at pakikilahok sa komunidad, aktibong nag-aambag si Asst. Prof. Balajadia sa pagsusulong ng inklusibo at panlipunang tumutugon na mga pananaw sa larangan ng sikolohiya at sosyolohiya.

***Clemuel B. Cruz, RPm***
Bulacan State University

Si G. Clemuel Bagay Cruz ay isang instruktor sa Departamento ng Sikolohiya ng Bulacan State University – Main Campus. Sa loob ng anim na taon ng kaniyang pagtuturo, nakilala siya bilang guro ng mga kursong Sikolohiyang Pilipino at Experimental Psychology. Nagturo rin siya ng Understanding the Self at Introduction to Psychology, at may karanasan sa pagtuturo ng Psychological Statistics, Cognitive Psychology, at Abnormal Psychology. Kinilala siya sa pamantasan

bilang dating tagapayo ng Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohikal na Kamalayan (SAYK Org), kung saan dedikado niyang hinimok ang mga opisyal at miyembro nito na iugat ang kanilang mga aktibidad sa diwa ng Sikolohiyang Pilipino. Bilang isang iskolar ng bayan, nagtapos si G. Cruz ng Bachelor of Science in Psychology sa Bulacan State University noong 2017, kung saan siya ay pinarangalan bilang magna cum laude, Best in Specialization, at Most Outstanding Student. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang pagsusulat ng kaniyang tesis para sa Master of Arts in Psychology sa University of the Philippines Diliman. Ang kaniyang pananaliksik ay nakasentro sa mga epistemikong damdamin gaya ng curiosity at interest. Sa hinaharap, layunin niyang higit pang makapag-ambag sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino at personality psychology, tungo sa isang mapagbagong isip, malaya, at mapagpalayang Sikolohiya.

***Assoc. Prof. Rozel Balmores-Paulino, PhD***
Unibersidad ng Pilipinas Baguio

Si Dr. Rozel S. Balmores-Paulino ay isang Associate Professor sa Psychology sa Department of Anthropology, Sociology, and Psychology ng College of Social Sciences. Nakapagtapos siya ng Ph.D. sa Psychology (major sa Social Psychology at minor sa Developmental Psychology) sa University of the Philippines Diliman noong 2016. Nakuha rin niya ang kaniyang MA sa Psychology (UP Diliman, 2013), MA sa Social and Development Studies (UP Baguio, 2002), at BA sa Social Science (double major sa Psychology at Anthropology, cum laude, UP Baguio, 1997). Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ang kababaihan at trabaho, adolescent risk behaviors, sikolohiya ng katatawang Pilipino, stigma, COVID-19, kaligtasan sa lungsod, social psychology, group dynamics, Sikolohiyang Pilipino at katutubong sikolohiya, at developmental psychology.

**Tungo sa Isang SP na Nakatuon sa Paglikha ng mga Komunidad na Malaya, Maginhawa, at Mapagkalinga**

Sa unang limang dekada niya, inatupag ng Sikolohiyang Pilipino ang pagtatag sa sarili bilang lehitimong disiplina at kilusan at pagpapalawak ng kanyang repertoire ng mga konstrak, teorya, at balangkas. Sa pagsisimula ng ika-anim niyang dekada, marapat lang na pagdiinang pansin ng SP ang tahakin ng aplikasyon at gamit ng mga kaalaman at kabatiran sa SP sa pagbabagong-anyo ng ating lipunan at mga komunidad. Sa panel na ito, gagalugarin ang mga posibilidad ng gamit ng SP sa paglikha ng mga komunidad at lipunang maginhawa.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

*Tungkol sa mga Panelist*

***Prof. Divine Love A. Salvador, PhD, RPsy***
Unibersidad ng Pilipinas Diliman, UPD Psychosocial Services

Si Prop. Divine Love A. Salvador, PhD, RPsy, ay isang Full Professor sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, isang dalubhasa sa Clinical Psychology, at ang tagapanguna ng UPD PsycServ na siya ring nagbibigay ng emosyonal at sikolohikal na suporta sa loob ng unibersidad. Nakapagtapos siya ng Doctor of Philosophy in Psychology (Clinical) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Master of Arts in Psychology sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, at Bachelor of Science in Psychology sa parehong unibersidad. Ang kaniyang adbokasiya bilang isang propesyonal ay umiikot sa pagtuturo at paggabay sa mga bagong propesyonal sa larang ng klinikal na sikolohiya. Mababatid ito sa kaniyang mga interes sa pananaliksik na nakasentro sa Cognitive, Affective, and Motivational Variables with Clinical Significance; Kultural at Katutubong Konseptong may Kaugnayan sa Sikolohiya; Pagbuo ng mga Module sa Clinical Training Program; LGBT Psychology; Pagkakakilanlan; Ginhawa; Bisa ng Iba't Ibang Lapit o Metodo sa Psychotherapy; at Transdiagnostic Approach to Clinical Assessment and Interventions.

***Assoc. Prof. Annabel Manzanilla-Manalo, PhD, RPsy***
Asian Theological Seminary

Si Dr. Annabel Manzanilla-Manalo PhD, RPsy ay isang Registered Psychologist na siya ring Associate Professor at tagapamuno ng Counseling Department sa Asian Theological Seminary (ATS) sa lungsod ng Quezon. Sa kaniyang propesyon, natulungan na niyang maitaguyod ang ATS Counseling Centre at namumuno rin siya sa Disaster Response and Psychological Training Program. Sa kaniyang higit tatlumpung taon ng karanasan, nakapag-abot na rin siya ng serbisyong sikolohikal sa pamamagitan ng mga NGO tungo sa mga komunidad na apektado ng digmaan, kalamidad, torture, extrajudicial killings at sa mga kabataang nasa panganib. Ang kaniyang adbokasiya ay nakasentro sa paghilom at katarungan para sa mga naapektuhan ng karahasan at systemic trauma. Siya ay nakapagsulat na rin ng mga aklat kabilang ang "How Long, Oh Lord?" at "Tackling Trauma" na mayroong salin sa Ukrainian.

***Prof. Emeritus Lisa Grace S. Bersales, PhD***
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Si Dr. Lisa Grace S. Bersales ay Professor Emeritus ng statistics sa Unibersidad ng Pilipinas - School of Statistics. Nagtamo siya ng doctorate degree sa Statistics sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1989. Siya ang kauna-unahang National Statistician sa bansa na nagsimulang maglingkod at manguna sa

Philippine Statistics Authority simula noong 2014 hanggang 2019. Sa parehong panahon, siya rin ang Civil Registrar General ng bansa na nagsimulang magpatupad ng National Identification System sa bansa at ng Philippine Statistical Act of 2013; kasabay ito ng pagkakatatag ng Philippine Statistics Authority.

Matapos ang kaniyang pagreretiro, bumalik siya sa paglilingkod bilang Vice President for Planning and Finance sa Unibersidad ng Pilipinas noong Nobyembre 2022 hanggang Enero 2023. Naging tagapangulo rin sya ng Commission on Population Development at naging Undersecretary for Population and Development noong Enero 2023. Naitalaga rin siya bilang Professor Emeritus sa Unibersidad ng Pilipinas noong Abril 2023. Siya ay ang kasalukuyang Executive Director ng Commission on Population and Development.

**Prof. Emeritus Lorenzo Bautista**
Asian Theological Seminary

Si Prop. Lorenzo Bautista ay Professor Emeritus sa Asian Theological Seminary kung saan siya naglingkod bilang propesor sa Theology Department ng seminaryo. Nakapagturo siya ng theology sa Febias Collegee of Bible sa Valenzuela. Ang kaniyang paglilingkod bukod sa pagtuturo ng pananampataya, ay nakasentro sa kaniyang ministeryo sa Sambahan Kristiano sa Marulas Church Valenzuela kung saan ginampanan nya ang iba't ibang tungkulin mula sa gawain ng mga kabataan hanggang sa katandaan. Nakapagsulat na rin siya ng mga aklat; kabilang na rito ang "Faith and Bayan" na inilimbag noong 2022.

**Ang Hamon ng Dekolonisasyon para sa mga "Allied Mental Health Professions"**

Ang iba't ibang larangan ng pagbibigay kalinga at ginhawa – ang tinatawag nating "allied mental health professions" – ay may kumplikadong ugnayan sa kapangyarihan at sa patuloy na epekto ng kolonisasyon sa ating mga pag-iisip at pamamaraan ng pagbibigay kalinga tungo sa ginhawa. Inaasahan na sa panel na ito, magkakaroon ng pagkakataong mapagmunihan ang patuloy na hamon ng pag-unawa at pagbawas ng kapangyarihan ng kolonyal na pag-iisip sa ating mga propesyun at pamamaraan.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

*Tungkol sa mga Panelist*

***Prof. Emeritus Michael L. Tan, PhD***
Guang Ming College

Si Michael L. Tan, PhD ay isang Propesor *Emeritus* sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ito ay isang parangal na iginagawad sa mga guro na nag retiro upang bigyang pansin ang kanilang karangalan at huwarang serbisyo na dinala para sa pamantasan. Sa kaniyang taon na pananatili sa UPD, siya ay nahalal rin bilang *Dean* ng *College of Social Sciences* pagkatapos niyang maluklok bilang kansilyer magmula noong taong 2014 hanggang 2020. Siya rin ay naging isang *academician* sa National Academy of Science and Technology. Bilang isang naturang *Medical Anthropologist*, siya ang nag-iisang may-akda ng ilang kilalang publikasyon, kabilang ang Thinking, Doing Culture (2011, UST Press), Revisiting Usog, Pasma, Kulam (2008, UP Press), at Good Medicine: Pharmaceuticals and the Construction of Power and Knowledge in the Philippines (1999, University of Amsterdam). Siya ay naging regular na kolumnista para sa Philippine Daily Inquirer sa pamamagitan ng kaniyang malawakang binabasang kolum na Pinoy Kasi, na sinimulan niya noong 1997 at patuloy na sumusulat hanggang sa ngayon. Sa kasalukuyan, siya ang presidente ng Guang Ming College.

***Prof. Emeritus Violeta V. Bautista, PhD, RPsy, RGC,***
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Si Prof. Emeritus Violeta V. Bautista, PhD, RPsy, RGC ay isang *Professional Lecturer* ng *Clinical Psychology* sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay mayroong PhD sa Sikolohiya mula sa naturang pamantasan at sumailalim sa mga masinsinang pag-aaral sa mga iba't ibang paksa na naayon sa Sikolohiya. Kabilang sa mga kaniyang interes sa pananaliksik ay ang abnormal na pag-uugali, relihiyosong sikolohiya, at pag-aaral ng pamilya. Kabilang siya sa mga bumuo Mental Health Bill. Siya ay kasalukuyang *fellow* sa Psychological Association of the Philippines at ng Institute for Studies in Asian Church and Culture.

***Dr. Chris John Bedoria, PhD, RPsy, RGC***
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Si Dr. Chris John Bedoria, PhD, RPsy, RGC ay isang *Guidance Services Specialist* sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at isang *board member* ng Educational Counselors and Psychological Association (APECA). Dati siyang nagserbisyo bilang Guidance Counselor sa Don Bosco Technical Institute noong taong 2016 hanggang 2021. Siya ay kasalukuyang isang *professional lecturer* sa Far Eastern University.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

***Dr. Maria Madeline Mallillin, MD***
Asian Hospital and Medical Center, St. Luke's Medical Center, Healthway Cancer Care Hospital

Si Dr. Maria Madeline "Maddie" Mallillin ay isang doktor na ang espesyalisasyon ay *psychiatry*, ang kaniyang *subspecialty* naman ay *child and adolescent psychiatry*. Siya ay ganap na psychiatrist magmula noong taong 2006 hanggang ngayon. Sa kasalukuyan, siya ang namumuno sa Psychosocial Oncology of Quality of Life Department sa Healthway Cancer Care Hospital mula noong Nobyembre 2023 at ang nagsisilbing *Chief of Section* sa Psychosocial-Oncology sa St. Luke's Medical Center simula noong taong 2014. Siya ay tumutulong sa mga pasyente ng cancer at ang kanilang mga mahal sa buhay sa kanilang buhay, gayundin ang pagsasagawa ng pagsasanay at *psycho-educational lecture* sa larangan ng psycho-oncology mula noong 2006.

**MGA LEARNING SESSION**

**Tara na, sama-sama: Pagkakaisa sa kabila ng Pagkakaiba**

Mahalaga ang mga proseso ng akomodasyon at inklusyon sa pagbibigay suporta at kalinga dahil maraming klase ng hamon sa ginhawa ang hindi naisasaalang-alang sa pagpapadaloy ng pagkatuto, paglikha ng mga occupational environments, at pagbuo ng mga serbisyo at programang pang-ginhawa. Sa workshop na ito, matututunan ang mga batayang pang-kaisipan ng akomodasyon at inklusyon at pati ang halaga ng pagpapalawak ng sakop ng "kapwa" sa paglikha ng mga mapagkalinga at maginhawang komunidad, organisasyon, at/o lipunan.

*Tungkol sa mga Tapagagpadaloy*

***April Veronica C. Lansangan, MA, RPsy***
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Si April ay isang licensed psychologist at licensed professional teacher. Isa siya sa mga psychosocial support specialists ng UPD PsycServ na nagbibigay ng mental health at psychosocial support sa mga miyembro ng komunidad ng UP Diliman na maaaring may masalimuot na suliranin sa pamumuhay o kaya'y may psychiatric disorder. Bago siya napunta sa propesyon na ito, dati siyang guro ng mga bata sa preschool at kindergarten, at nagsilbi rin bilang katuwang na propesor sa UP Integrated School. Nagtapos siya ng Bachelor of Science in Family Life and Child Development at Master of Arts in Psychology sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

***John Robert C. Rilveria, PhD, RPsy***
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Si Dr. John Robert C. Rilveria, o mas kilala bilang Doc Bobby ng kanyang mga estudyante at kasamahan, ay isang sikolohistang pang-klinika at kawaksing propesor sa UP Diliman, Department of Psychology. Bilang guro, nagtuturo siya ng mga di-gradwadong kurso sa Abnormal Psychology at Psychological Measurement, at mga gradwadong kurso sa Psychopathology, Psychotherapy, Schema Therapy, at Clinical Practicum. Bilang propesyonal na tagapagbigay ng serbisyong sikolohikal, siya ay may kasanayan sa *applied behavior analysis, cognitive-behavior therapy,* at *schema therapy.*

Siya rin ay bahagi ng supervising at clinical research team ng UPD Psychosocial Services (PsycServ) at ng Childfam-Possibilities Psychosocial Services. Kabilang sa kanyang mga interes sa pananaliksik ang: pagsasakatutubo ng konsepto ng *therapeutic alliance, supervisory alliance, alliance-focused interventions, coping strategies*, at *digital mental health*.

***Gieselle Patricia B. Principe, PhD, RPsy***
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Si Dr. Gieselle Principe ay naging tagapagtaguyod para sa inclusion and accommodation sa loob ng halos 30 taon. Nagsimula siya bilang guro ng mga bata sa Special Education at kalaunan ay bumuo ng Social Skills Programs para sa mga kabataang may Autism (ASD) at Attention – Deficit/Hyperactivity Disorder (ADHD). Siya rin ay nakikipagtulungan tungkol sa Inclusion and Accommodation ng mga Neurdiverse na indibidwal sa mga faculty ng UP Diliman at iba't ibang Kolehiyo sa Metro Manila. Si Gieselle ay isa sa mga cofounder ng STEPS Association Inc na isang center na tumutulong sa "Adult Transition" ng mga taong may ASD and ADHD sa pamamagitan ng suportadong internship at self sufficiency programs

### Friends with my Feelings: TalaKasanayan sa Pagkilala at Pagkalinga sa Sariling Damdamin tungo sa Ginhawa

Mahalaga ang papel ng emotion regulation – ang pagkilala, pag-unawa, pangangalaga, at pamamahala sa sariling damdamin – sa pagpapaigting ng ginhawa. Ang workshop na ito ay pagkakataon para sa mga kalahok na makilala ang kanilang personal na ugnayan sa sariling damdamin. May espasyo rin para matukoy ang kanilang mga pansariling hamon sa pamamahala ng damdamin, at matutunan ang ilang mga istratehiya para mapatatag ang kakayahang ito.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

*Tungkol sa mga Tapagagpadaloy*

***Cheng Cheng Sandy Ang, PhD, RPsy***
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Si Cheng Cheng Sandy Ang, *"Doc Sandy"* para sa kanyang mga mag-aaral, kliyente, at katrabaho, ay isang sikolohistang pang-klinika at lektyurer sa Departamento ng Sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Ang kanyang pananaliksik at praktika ay nakatutok sa *emotion dysregulation*. Simbuyo ng damdamin ni Doc Sandy ang makapagbigay suporta sa mga tao tungo sa paglalim ng pag-unawa sa emotion dysregulation. Nasisiyahan siyang magbahagi ng mga praktikal na diskarte para maging mas mahusay sa pagkilala, pag-unawa, at pamamatnubay sa damdamin at mas mapaigting ang nararanasang ginhawa.

***Agnes R. Agbayani, MA, RPsy***
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Si Agnes R. Agbayani, na nagtapos ng B.S. Psychology sa Unibersidad ng Santo Tomas at ng M.A. Ed. sa Guidance and Counseling mula sa Unibersidad ng Pilipinas ay isa ring rehistradong Sikolohista, sertipikadong Gestalt Life Coach, Hypnotherapist, Solution-Focused Brief Therapist. Sa loob ng mahigit dalawampu't limang (25) taon, ang kanyang pananaw at pamamaraan sa terapi at paghilom para sa mga indibidwal, pamilya, at organisasyon. ay holistiko, makatao, may pakikipag-ugnay, may paggalang sa pagkakaiba at pagbibigay-bunga sa mas makabuluhang pamumuhay.

Naging tagapagpadaloy din sya sa Ginhawa Conference ng Pambansang Samahan ng Sikolohiyang Pilipino (PSSP) noong Hulyo 2021, sa sesyon na "Experiencing Ginhawa through Gestalt Therapy" at ng "Coming Home to My Spiritual Self/ Paglinang ng Sariling Ispirituwalidad tungo sa Ginhawa" na sesyon noong Nobyembre 2023.

Noong taong 2024, isa sya sa mga manunulat at kontribyutor ng "Research as Community Preparation: Experience from a Community Based Addictions Recovery Program" na nailathala sa"Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino, Volume 1, Perspectives and Methodology, 2nd edition"

Sa kasalukuyan, si Binibining Agbayani ay nagsisilbing Direktor at Sikolohista/ Sikoterapist, at Superbisor ng mga mag-aaral na nagsasanay sa Life Change Recovery Center at siya rin ay Psychosocial Support Specialist/ Sikolohista ng UP Diliman PsycServ.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

**Di Pa Ba Sapat? Ang Pagkilala sa Tanikala ng Perfectionism Tungo sa Pagkalas Dito**

Jeryl Shawn T. Tan, MA, RPsy at Krista Camille M. Serrano, MA, RPsy
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Laganap at masasabing karaniwan ang pagiging perfectionist – o ang pagkakaroon ng masyadong mataas na pamantayan para sa sarili. Kahit na may bentahe ang perfectionism, tulad ng high performance at pagiging mabusisi, may kaakibat din itong mga disbentahe tulad ng kabalisahan, pag-aalala, kawalan ng ligaya, atbp. Sa workshop na ito, mas makikilala ang karaniwang katangian at pinanggagalingan ng pagiging perfectionist, mauunawaan ang pansariling antas ng perfectionism, at matututunan ang ilang pamamaraan sa pagkakaroon ng healthy striving imbis na perfectionism sa sariling buhay.

*Tungkol sa mga Tapagagpadaloy*

***Jeryl Shawn T. Tan, MA, RPsy***
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Si Jeryl Shawn T. Tan, MA, RPsy, ay lisensyadong sikolohista, Katuwang na Propesor sa Departmento ng Sikolohiya sa UP Diliman, at Psychosocial Support Specialist sa UPD PsycServ. Nagtatapos siya ngayon ng Doktorado sa York St John University sa United Kingdom. Kabilang sa kanyang mga interes sa pananaliksik ang *perfectionism, compassion,* at *coping strategies.*

***Krista Camille M. Serrano, MA, RPsy***
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Si Krista Camille M. Serrano ay isang lisensyadong sikolohista na kabilang sa mga psychosocial support specialists ng UPD PsycServ, kung saan siya tumutugon sa mga pangangailangan sa mental health at psychosocial support ng komunidad ng UP Diliman. Bukod dito, bilang bahagi ng Emmaus Center for Psychospiritual Formation at ChildFam Possibilities Psychological Services, kasalukuyan niyang sinusuportahan ang mga kliyenteng nasa yugto ng adolescence at adulthood sa mga hamon ng buhay upang makamit ang ginhawa. Nagtapos siya ng Master of Arts in Counseling Psychology sa Ateneo de Manila University.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 8361-9260 E-mail: secretariat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

**Makulay ang Buhay: Gabay sa Pagkalingang Queer Affirmative**

Ang queer affirmative care ay pagkalingang kumikilala, nagbibigay galang at halaga, at sumusuporta sa mga karanasan at pag-unawa ng gender at sexual orientation na hindi limitado sa cisgender at heteronormative na pag-unawa at karanasan. Maaaring madaling sabihin pero mahirap gawin ang pagiging queer affirmative sa pagbibigay kalinga sa ating mga kliyente. Sa workshop na ito, may pagkakataong kilalanin at unawain ang mga personal dilemma sa pagsasagawa ng queer affirmative care. Matututunan din ang mga batayang kaisipan at mga simpleng paraan para maging mas queer affirmative ang ating praktika.

*Tungkol sa Tapagagpadaloy*

***Claudine Faye M. Tecson, MA, RPsy***
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman/UPD PsycServ*

Si Claudine Faye M. Tecson (she/they) ay lisensyadong sikolohista at tumatayong tagapamahala sa administrasyon ng operasyong klinikal ng UP Diliman Psychosocial Services. Sa kaniyang karanasan sa sikoterapi, siya ay nagbibigay-diin sa mga lapit na tumutuon sa trauma at pagiging queer affirmative. Siya rin ay interesado sa mga pananaliksik Tungkol sa traumatic stress, rape culture, at pagkamit ng ginhawa.